# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 05, 2022, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RELEASED Name: Date: Time: Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

RECORDED Date: 16 JAN 2023 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 019-T2022**

**KAUTUSANG KINIKILALA ANG MGA MAKASAYSAYAN AT MINANANG KULTURA, KASAMA ANG MGA LUGAR, TAO, GAMIT AT PAG-AARI NG PAMAHALAAN, NAKIKITA MAN O HINDI NA SUMASAKOP SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** nasasaad sa Batas-Republika Blg. 1006 na patuloy na isagawa ng pamahalaang bayan ang pag-iimbentaryo sa lahat ng mga makasaysayang lugar, tao o bagay at minanang kultura, nakikita man o hindi na sumasakop sa bayang ito;

**SAPAGKAT,** ang pag-iimbentaryo sa lahat ng mga makasaysayan at minanang kultura ay nakapaloob sa hanay ng Turismo, Kultura at Sining na kasama sa pitong batayan para sa taunang pagpili ng pagkilala at pagbibigay-parangal at insentibo sa bayan sa ilalim ng programang Seal of Good Local Governance (SGLG) na itinataguyod ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG);

**SAPAGKAT,** ang pagkilala sa naturang programa ay isinagawa upang tangkilikin, paunlarin at ipanatili ang mga minanang kultura sa bayang ito;

**SAPAGKAT,** sa pangunguna ng itinatag na Pambayang Lupon sa Kultura, Turismo at Sining ay naisagawa ang patuloy na imbentaryo at pagsasaliksik ng mga pamanang kultura, lugar at bagay, nakikita man o hindi upang maisulong ang isang maunlad na pamayanan sa larangan ng Turismo sa ilalim ng umiiral na pamahalaang bayan ng Santa Cruz.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Regine S. Regalado (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod:

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ang kautusang ito ay tatawaging "Kautusang kinikilala ang mga makasaysayan at minanang kultura, kasama ang mga lugar, tao, gamit at pag-aaring pampamahalaan, na sumasakop sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 2** - Saklaw ng kautusang ito ang imbentaryo ng mga minanang kulturang pag-aari ng pamahalaan, mga lugar, tao at gamit, nakikita man o hindi na itinuring na makasaysayang tatak ng bayan ng Santa Cruz katulad ng mga sumusunod, at ng iba pang nasa kalakip na talaan.

a. Emilio Jacinto Shrine
b. Agueda Kahabagan Monument
c. Jose Rizal Monument & Municipal Plaza
d. Wachi Monument
e. Camp Heneral Paciano Rizal Park
f. Municipal Town Hall
g. Escolapia Building
h. Villa Valenzuela
i. Bahay Na Bato

KGG. RIZALDY N. KALAW Kagawad
KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad
KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad
KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad
KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad
KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN Kagawad
KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad
KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad
KGG. PATROCINIA S. KALAW ABC Federation President
KGG. REGINE S. REGALADO SK Federation President

j. Governor Juan K. Cailes Residence
k. Regional Trial Court
l. Union College
m. Santa Cruz Central Elementary School (Gabaldon Building)
n. Pedro Guevara Memorial National High School (Gabaldon Building)
o. Patimbao Elementary School
p. Roman Catholic Church
q. Iglesia Filipina Independiente (Aglipay Church)
r. Iglesia Filipina Independiente Church (Gatid) (Parokya ng Birheng Maria Dolores)
s. San Pablo Norte Covered Court Fish Port
t. Mabini Elevated Tank Formerly known as Santa Cruz Elbo Water System
u. Kesong Puti Festival
v. Santa Marta
w. Fernando Tobias (composer Himno ng Santa Cruz)

**SEKSYON 3 – Pamantayan** – Mabigyang halaga ang pananatili ng mga minanang kultura at kalinangan upang magsilbing buhay na kasaysayan sa paglipas ng panahon.

**SEKSYON 4 – Tungkulin at Pananagutan**

1. Lupon sa Kultura at Sining:
   a. Taunang pagpaplano ukol sa kultura at sining batay sa Philippine Development Plan for Culture and the Arts na ipapaloob sa Pambayang Planong Pangkaunlaran para sa paglalaan ng pondo.
   b. Magbalangkas ng mga programa at rekomendasyon bilang agapay sa mga pangkulturang sining, talent, gawain, at pananatili ng tradisyon ukol sa sining at kalinangan;
   c. Makipag-ugnayan sa mga kahulilip na ahensya ng National Commission on Culture and the Arts (NCCA) para sa pagpapanatili at pagsubaybay sa mga nabanggit na pangkulturang kagamitan, lugar at bagay na sakop ng bayang ito.
   d. Magsagawa ng mga pangkulturang pagtitipon o gawain gaya ng kasayahan at pagsasanay.
   e. Patuloy na pagkilala sa mga pangkulturang lugar at pampamahalaang pag-aari, lugar o mga bagay para sa makasaysayang pagpapahalaga.

**SEKSYON 5. Komposisyon ng Pambayang Lupon sa Kultura at Sining**

Pangulo - Punong Ehekutibo
Mga Kasapi -

1. Tagapanguna – Pambayang Lupon sa Turismo
2. Tagapamuno sa Kultura at Edukasyon
3. Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran
4. Pambayang Pinuno sa Kabatiran
5. Pambayang Pinuno sa Badyet
6. Pambayang Pinuno sa Turismo
7. Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal
8. Kinatawan ng DepEd
9. Kinatawan ng Local Heritage Society
10. Kinatawan ng Local Museum
11. Kinatawan ng Local Artist Groups
12. Kinatawan ng Local Business Sector o Chamber of Commerce
13. Kinatawan ng Professional Sector
14. Kinatawan ng Academe
15. Kinatawan ng Youth Sector
16. Kinatawan ng NCCA

**SEKSYON 6.** Anumang bahagi ng mga Kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**SEKSYON 7.** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na maipaskel sa mga hayag na lugar sa nilolooban ng 15 araw.

KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DELAS ARMAS, JR.
Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN
Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President

KGG. REGINE S. REGALADO
SK Federation President

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan / kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Turismo, DepEd, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Provincial Tourism Office, National Commission on Culture and Arts, National Historical Commission, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 05, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA TERESA R. LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Kagawad

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. PATROCINIA S. KALAW**
ABC- Federation President

**KGG. REGINE S. REGALADO**
SK- Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 1/13/23
Punong Bayan